

Mga Mungkahi Kung Paano Pangasiwaan Ang Pera

Kung ang iyong tagabigay ay may pahintulot na mamili at gumawa ng mga pinag-uutos, kakailanganin mong bigyan siya ng pera para pambayad sa mga bagay na kailangan mo. Mahalagang gumawa ka ng hakbang para maprotektahan kayong dalawa kapag binigyan mo ng pera ang iyong tagabigay.

- Magkaroon ng log o listahan. Isulat ang halaga ng pera na ibinigay mo sa iyong tagabigay, ang halagang ginastos, at ang halaga ng sukli na ibinalik. Maaari kang gumamit ng notebook para dito o gumawa ng listahan.
- Kung kailangan mong hilingin sa iyong tagabigay na kumuha ng pera sa iyong pitaka o wallet, palaging bantayan siya. Kung ang wallet o pitaka ay nasa ibang silid, hilingin sa kanya na dalhin ito sa iyo upang makuha mo ang pera.
- Kapag bumalik ang tagabigay mula sa tindahan, bilangin ang sukli, tingnan ang resibo upang matiyak na ang mga hiniling na bagay lamang ang binili, at hilingin sa iyong tagabigay na lagyan ng inisyal ang listahan.
- Itago ang mga resibo sa isang malaking sobre o i-file para madali mong masagot ang anumang mga tanong na maaalala.
- Huwag ibahagi ang alinmang impormasyon ng bangko sa iyong tagabigay.

Maging mas organisado tungkol sa paggamit ng pera upang makatulong na maiwasan ang mga hindi pagkakaunawaan.

Pagpapanatili ng Log

Dapat mong isulat ang halaga ng pera na ibinigay mo sa iyong tagabigay, ang halagang ginastos, at ang halaga ng sukling ibinalik. Maaari kang gumamit ng notebook para dito o kopyahin ang log o listahan na ibinigay sa likod ng pahinang ito. Nasa ibaba ang isang halimbawa kung paano kumpletuhin ang log.

Petsa	Halaga ng Perang Ibinigay sa Tagabigay	Inisyal ng Tagatang-gap	Inisyal ng Tagabigay	Halagang Ginastos (mula sa resibo)	Halaga ng Sukling Ibinalik sa Tagatang-gap	Inisyal ng Tagatang-gap	Inisyal ng Tagabigay
10/15/12	\$20.00	FM	SS	\$16.85	\$3.15	FM	SS
10/22/12	\$5.00	FM	SS	\$4.25	\$0.75	FM	SS

Log Ng Paggasta Ng IHSS

Pangalan ng Tagatanggap: _____

Pangalan ng Tagabigay: _____

Petsa	Halaga ng perang ibinigay sa tagabigay	Inisyal ng Tagatanggap	Inisyal ng Tagabigay	Halagang Ginastos (mula sa resibo)	Halaga ng sukling ibinalik sa tagatanggap	Inisyal ng Tagatanggap	Inisyal ng Tagabigay

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng IHSS ng county.